AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
**Lesson 27**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Dapat Gawin kapag Lalabas o Lumabas ng Bahay".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Lesson 27**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang mapagpalang araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Isabel ng Marikina City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, ano po bang dapat gawin kapag galing sa labas ng bahay? Si Kuya po kasi basta pumasok lang sa loob ng bahay dala-dala ang kanyang mga pinamili sa palengke.

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hi, Isabel!

Salamat sa pagtatanong. 🤗

--

Kung galing sa labas ang ating kapamilya 🏠🚶♂, paalalahanan natin silang sprayan ng alcohol ang sapatos ➕👟🥿 at mga gamit ➕🎒 na dinala sa labas ng bahay bago pumasok dito. Ihilera ang sapatos sa itinalagang lugar na malapit sa pintuan 🏡🚪🥿👠. Kung posible, mag-iwan ng alcohol malapit sa pintuan upang linisin ang kamay bago pumasok ng bahay. 🤲➕🚪🏡

Ugaliin ding maligo pagkarating na pagkarating sa bahay 🛀. Hugasang mabuti ang parte ng katawan na nakalantad. Ang isinuot naman na damit ay ihiwalay sa laundry bag at labhan ito gamit ang tubig, sabong panlaba at konting bleach sa madaling panahon. 👕👕🧺💧🧼🧴

At punasan ang mga bagay na madalas hawakan 🚪🔑📱, at iba pa gamit ang malinis na basahan na may bleach - zonrox para mamatay ang virus, germs, o bacteria na kumapit doon. 💧🧽🧼🧴❌🦠 (Tandaan na 1:100 ang ratio ng bleach sa tubig 💧 - 1/4 baso ng Bleach 🥛 sa 1 galon ng malinis na tubig. 🚰)

(Maraming kailangang gawin, pero alam kong kayang-kaya nating gawin ito. Isipin natin na para ito sa ating kapakanan. Mabuti nang alagaan at linisin natin ang ating mga katawan upang malabanan nito ang mga virus na maaaring pumasok dito. 👊🦠)

**IV.✊ HAMON**

Dagdag pa rito, kung maaari iwasang lumabas ng bahay ❌🏠🚶♀ maliban kung may emergency 🚨 o kailangang bilhin na pangunahing pangangailangan 🍱💊. Huwag kalimutang magdala ng alcohol o hand sanitizer ➕ at iwasang hawakan ang mukha kapag nasa labas. ❌✋👩🏻👦🏻

Panatilihin din ang pagtakip ng ilong o bibig 🤭 kung uubo 🗣 o babahing 🤧, at ang pagdistansya ng isang metro o tatlong dipang layo mula sa iba. 🚶♂➖🚶♀

Mabuti nang mag-ingat tayo upang mapangalaan ang sarili laban sa COVID-19. 👊🦠

Ating tandaan, ang kalinisan at kalusugan ng ating pangangatawan ay maituturing nating mga kayamanan at sandata o proteksyon laban sa sakit. 💪🧰⚔🛡🤒

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Anu-ano ang mga dapat gawin sa sapatos na ginamit noong lumabas ng bahay?
🔎 Ano ang dapat ilagay malapit sa pintuan?
🔎 Tama o Mali. Ugaliing maligo kung umalis ng bahay.
🔎 Ilang baso ng bleach ang dapat ilagay sa isang galong tubig?
🔎 Tama o Mali. Lumabas nang lumabas ng bahay.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**
At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻🧒🏻❓

Maraming salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."